Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III
Schools Division Office of Bulacan

Hulyo 27, 2021

SA: Mga Hepe ng CID at SGOD
Mga Punong Guro ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya
Lahat ng Iba pang Kinauukulan

Alinsunod sa Republic Act 10742 Chapter VI Section 30 na nagtatakda ng taunang pagsasagawa ng Linggo ng Kabataan at kasabay ng pagdiriwang ng International Youth Day, ang Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office ay magsasagawa ng isang linggong aktibidad ng Bulacan Youth Summit 2021 na may temang "YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan" na gaganapin sa Agosto 9-12, 2021.

Kalakip ng liham pansangay na ito ay ang activity design na naglalaman ng buong detalye ng mga gawain kabilang ang mga patimpalak kaugnay sa pagdiriwang ng Bulacan Youth Summit 2021.

Kaugnay nito, malugod na inaanyayahan ang mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralang sekundarya upang makilahok sa nabanggit na mga gawain.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 053, s. 2021

484

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
JUL 26 2021
By:
Time: 6:00

**PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KABATAAN, ISPORTS AT *PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE***

Hulyo 12, 2021

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

**Mahal na Dr. Mostoles:**

Isang mainit na pagbati!

Ang hamon ng pandemyang COVID-19 na marahil ang pinakamatinding hamon sa ating mamayan dahil na din sa limitadong pagkilos, lalo na ng mga kabataan na nagdulot ng napakalaking pagbabago sa kanilang pang-araw araw na buhay. Gayunpaman, hindi ito naging balakid sa pagkilos at pagmulat sa diwa ng pagkakaisa ng Kabataan Bulakenyo, bilang pinaka aktibong tagapagtaguyod ng mga pagbabago at inisyatibo na magiging inspirasyon upang tuloy tuloy na makabangon ang bawat pamayanang kanilang kinabibilangan.

Kaugnay po nito, alinsunod sa RA 10742 Chapter VI Section 30 na nagtatakda ng taunang pagsasagawa ng Linggo ng Kabataan kasabay ng pagdiriwang International Youth Day tuwing Agosto 12, magalang po naming hinihiling sa inyong mabuting tanggapan ang pagsuporta at pakikiisa sa isang linggong aktibidad ng Bulacan Youth Summit 2021 na gaganapin sa Agosto 9-12, 2021, na may temang "YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan".

Kalakip po ng liham na ito ang activity design at iba pang detalye ng nasabing gawain para sa inyong gabay at patnubay.


Inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan.

Maraming salamat po.


"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo"

Sumasainyo,

**ABGDA. KENNETH Z. OCAMPO-LANTIN**
Pinuno



*Blas F. Ople Building, Capitol Compound, Guinhawa,*
*LungsodngMalolos, Bulacan 3000*
*Telephone No.: (044)764-1268*
*Email Address: peso.lalawiganngbulacan@gmail.com*



DF
Damayang Filipino
Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan
Wilhelmino M. Sy-Alvarado
Pangalawang Punong Lalawigan

# ACTIVITY DESIGN
## *BULACAN YOUTH SUMMIT 2021*

| **TEMA:** | **YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan** |
|---|---|
| **PALIWANAG:** | Iba't-iba ang mukha ng pandemyang COVID-19 sa ating lipunan. Sa mga kabataan, ito na marahil ang pinaka malaking hamon ng kanilang paglago bilang isang mamamayang inaasahang pag-asa ng ating kinabukasan. Limitado ang pagkilos bunsod ng mga pangkalusugang direktiba ng National IATF na siyang naging malaking balakid upang manatiling nasa bahay lamang ang mga kabataan.<br><br>Ang pagharap sa pandemya na walang proteksyon ng bakuna, banta sa kabuuang pisikal at mental na kalusugan, pagbabago ng mga sistemang pang edukasyon, sumisikip na oportunidad sa trabaho dulot ng napilay na ekonomiya at ang nababagong klima o panahon dulot ng global warming –ilan lamang iyan sa mga napanahong usaping pangkapakanan ng mga kabataan kung saan ang kanilang tinig ay lubhang mahalaga.<br><br>Gayunpaman, hindi naging balakid ang mga hamon na ito upang ang ilang mga kabataang Bulakenyo ay mamulat sa diwa ng pakikiisa. Kung kaya't nararapat lamang na ito ay maipabatid sa buong kabataang Bulakenyo upang magsilbing panawagan tungo sa mas malalim na pakikipag ugnayan at pakikialam. Ang kabataan ang pinaka aktibong tagapagtaguyod ng mga pagbabago at inisyatibo na magiging inspirasyon upang tuloy tuloy na makabangon ang bawat pamayanang kanilang ginagalawan.<br><br>Ang Kabataang Bulakenyo ang ating Next Normal sa Bulacan—ang tinig na babalangkas sa ating mga inaasam na pagbabago upang maging matatag sa mga susunod na hamon ng bukas.<br><br>Ang lahat ng mga aktibidad patungkol sa nilalayon ng panukalang tema para sa Youth Summit ngayong taong 2021 ay gaganapin sa darating na ika-12 ng Agosto, alinsunod sa Section 30, Chapter VI ng Republic Act No. 10742 ay itinatakda ang pagsasagawa ng Linggo ng Kabataan kasabay ng pagdiriwang ng International Youth day. |
| **PETSA/ LUGAR:** | • Agosto 9-11, 2021- Pagbubukas ng Summit at Learning Sessions via FB Page ng PYSPESO at Zoom Meeting<br>• Agosto 12, 2021- Pagtatapos na Programa (Face-to-Face) Provincial Capitol Gymnasium |
| **LAYUNIN:** | 1. Mai-showcase at iba't-ibang mga naging mahalagang ambag ng Youth Organizations at SK sa kanilang komunidad ngayong taon;<br>2. Mai-engage ang mga kabataan sa iba't-ibang mga napapanhon at mahahalagang learning sessions na makakatulong sa pagpapalawig ng kaalaman;<br>3. Makapagbukas ng mga oportunidad na pangkabuhayan o pagkakabalahang interes na kumikita; |

| | |
|---|---|
| | 4. Mabigyan ng angkop pagkilala ang mga kabataang naging aktibo sa pakikipag-bayanihan at at boluntersimo sa kanilang komunidad ngayong panahon ng pandemya;<br>5. Magbigay ng inspirasyon mula sa mga pinling Gitnong Kabataan Awards Alumni na nanatiling matatag o matagumpay sa gitna ng pandemya. |
| **MGA KASALAHOK:** | Youth Organizations, Youth Serving Organizations, Out-of-School Youth, SKs and Federation Presidents, lahat ng indibidwal na Kabataang Bulakenyo mula sa 21 Bayan at 3 Lungsod sa Bulacan. |
| **TARGET NA BILANG NG KALAHOK:** | Zoom participants 500 registrants<br>FB Live 20,000 online engagements<br>SKs 3,000<br>YO, YSO 250 organizations<br>OSY (PYA) 15 Chapters |
| **MGA KATUWANG NA AHENSYA/OPISINA:** | DepEd, DILG, DTI, COMELEC, DOLE, TESDA, MSWDOs/ CSWDOs, PYA, PKKLB (PYDC), GKBAA, Provincial Agriculture Office, SK at TATAK (LYDOs) Bulacan |
| **TALATAKDAAN NG MGA GAWAIN:** | Hulyo 23, 2021, Biyernes<br>• Opisyal na anunsyo ng Bulacan Youth Summit 2021 via Social Media<br>• Pagpapadala ng mga liham sa mga Punong Bayan/ LYDO/SK<br>• Pamimigay ng Entry Forms |
| | Agosto 5, 2021 Huwebes, 5:00 PM<br>Deadline ng pagsusumite ng ilalahok na Official Entries |
| | Agosto 9, 2021, Lunes – Day 1 (Kabuhayan Learning Session)<br>• Social Media and Vlogging<br>• Pagbubukas ng Programa ng Linggo ng Kabataan via FB Live at Zoom Meeting |
| | Agosto 10, 2021, Martes – Day 2 (Kalusugan Learning Session)<br>• COVID-19 Vaccine<br>• Mental Health |
| | Agosto 11, 2021, Miyerkules – Day 3 (Kaalaman Learning Session)<br>• Voters Registration<br>• Climate Change and Agri-Entrepreneurship |
| | Agosto 12, 2021, Huwebes, 10:00AM – Pagtatapos ng Programa (Awarding Ceremony)<br>• Jingle Making Contest<br>• Facemask Making Contest<br>• Poster Making Contest<br>• Recognition of Bulacan Youth **ELITE:**<br>o Local Youth Development Officers (Youth Empowerment)<br>o SK and Federation Presidents (Youth Leadership) |

| | |
|---|---|
| | o Youth Organizations (Youth Initiative)<br>o GKAA (Youth Trailblazer)<br>o YO, YSO (Emerging Youth)<br>• Awarding of Livelihood Starter Kits for Out-of-School-Youth |
| **BALANGKAS NG LEARNING SESSIONS: (Maximum of 1 1/2/ hours)** | • AVP/Admission of Participants<br>• Prayer, National Anthem (5 minutes)<br>• Welcome Greetings PYSPESO (3 minutes)<br>• Governor's Special Message (8 minutes)<br>• Message from NYC (3 minutes)<br>• Learning Session – Part 1 (15 minutes)<br>• Spoken Poetry (2 minutes)<br>• Ice Breaker (5 minutes)<br>• Youth 60-Second Spotlight/ 3 Featured Youth (3 minutes)<br>• Breakout Room Session/ Meet-and-Greet (5 minutes)<br>• Learning Session – Part 2 (15 minutes)<br>• Open Forum (10 minutes)<br>• TATAK Announcement of Finalist/ Entries<br>• Closing Message BM Nicolas (3 minutes) |
| **LUPON NG PAGPILI NG MGA ENTRIES** | • Punong Tagapagpatibay – Gob. Daniel R. Fernando<br>• Pangalawang Tagapagpatibay – BM Robert Myron Nicolas<br>• Kabuuang Tagapamahala – Abgda. Kenneth Lantin<br>• Mga Miyembro ng Lupon sa Pagpili<br>o Panlalawigang Tagapangasiwa<br>o PHACTO<br>o DILG Bulacan<br>o Pangulo ng TATAK Bulacan<br>o GKAA 2019 (Arts and Culture)<br>o Fr. Dennis Espejo<br>o NGO (Youth) |

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021

## YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan

**ENTRY FORM**

(Bulacan Youth ELITE)

Town / City ______________________

Name ______________________
Address ______________________
School ______________________
Age ________ Birth date ____________ Sex ________
Contact # ______________________
Email Address ______________________

Short description of the organization/projects

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

______________________
Signature over the Printed Name
Date: ______________

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021
## YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan
(Youth Poster Making Competition)

2x2
ID picture
of the contestant

**ENTRY FORM**

Town / City ______________________

Name of the Contestant ______________________
Address ______________________
School ______________________
Age ________ Birth date ______________ Sex __________
Contact # ______________________
Email Address ______________________

Short description of the Art Work:
______________________
______________________
______________________
______________________

Medium ______________________

*Contestant:*

______________________
Signature over the Printed Name

Date: ______________________

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021
## YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan
(Online Youth Jingle Making Contest)

### ENTRY FORM

Town / City ______________________________

Title of the Song

| |
|---|
| |

Length

| |
|---|
| |

| Name of the Composer | | Name of the Lyrist | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| Address | | Address | |
| Contact # | | Contact # | |
| Email Address | | Email Address | |

Name of Interpreter/Singer

| | |
|---|---|
| | |
| Address | |
| Contact # | |
| Email Address | |

---

### WAIVER

**MUSIC RELEASE FORM**

This is to confirm that the Provincial Government of Bulacan (PGB) thru its Provincial Youth, Sports, Development Office (PYSPESO) as organizers of the **Youth Jingle Writing Contest** have the exclusive rights to do an audio documentation of the Jingle we submitted for the said contest to be broadcasted on a non-commercial cable channel and/ or social media, and/ or be distributed or transmitted for non-profit/educational, cultural and promotion purposes.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Signature over Printed Name of Composer | Signature over Printed Name of Lyrist | Signature over Printed Name of Interpreter |

Date: ______________

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021
## YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan
(Youth Face Mask Design Making Contest)




**ENTRY FORM**

Town / City ______________________________

Name of the Designer ______________________________________________
Address ____________________________________________________
Age ________ Birth date _______________ Sex __________
Contact # __________________________________________
Email Address ____________________________________

Sketch/Design (original design)

*Designer:*

______________________________
Signature over the Printed Name
Date: ____________________

**WAIVER**

**FACE MASK DESIGN RELEASE FORM**

This is to confirm that the Provincial Government of Bulacan (PGB) thru its Provincial Youth, Sports, Development Office (PYSPESO) as organizers of the **Face Mask Design Contest** have the exclusive rights to reproduce and distribute the face mask for non-profit/educational and promotion purposes.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Signature over Printed Name of Composer | Signature over Printed Name of Lyrist | Signature over Printed Name of Interpreter |

Date: ____________

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021
# YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan
(Bulacan Youth ELITE)

1. Ang pagbibigay pagkilala ay bukas sa lahat ng Kabataang Bulakenyo, indibidwal at grupo, na may edad labinlima (15) hanggang tatlumpu (30)

2. Kailangang magpasa ng dokumentasyon ng mga isinagawang programa tulad ng narrative report, larawan, at video

3. Ang lahat ng lahok ay kailangang maisumite bago mag **Agosto 5, 2021, ika-5:00 ng hapon** sa aming tanggapan o sa email address na pysedo.pgb@gmail, kasama ang *official entry format supporting documents*

4. Ang lahat ay hinihilingan na magsumite din ng kanilang *birth certificate and/*or *government issued ID* na naglalaman ng kapanganakan

5. Ang desisyon ng mga Hurado ay pinal at hindi mapasusubalian

Para sa inyong karagdagang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng
**PROVINCIAL YOUTH, SPORTS, PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE (PYSPESO)**
Sa telepono bilang (044) 764 1268
O email address pysedo.pgb@gmail.com at
makipag-ugnayan kina Gng. Torvic Marcelo sa telepono blg. 0906 286 8426/ Bb. Rebelle Celis sa telepono blg. 0955 437 5397 O maaaring magsadya sa PYSPESO sa Blas F. Ople Building, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021
# YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan

(Online Youth Jingle Making Contest)

## PANUNTUNAN AT REGULASYON NG PATIMPALAK

1. Ang patimpalak ay bukas sa lahat ng Kabataang Bulakenyo na may edad labinlimang (15) hanggang tatlumpu (30)
2. Ang *Jingle* ay dapat orihinal at hindi pa nagagamit sa anumang awitin o komposisyon. Ang letra ay maaaring Tagalog, English o TagLish
3. Ang *Jingle* ay kailangan masigla, nakakapukaw, malikhain at nakatuon sa kabataan
4. Ang *Jingle* ay kailangan hindi iikli sa dalawa (2) minuto at hindi hahaba sa tatlo (3) minuto
5. Ang paggamit ng nakakasakit (*offensive*) at bastos (*rude*) na salita ay mahigpit na ipinagbabawal
6. Maaaring gumamit ng kahit anong instrument upang bigyan ng kulay ang *Jingle* ayun sa kagustuhan ng kompositor
7. Kailangang sumunod sa mga alituntunin ng IATF habang binubuo ng *Jingle* (social distancing, paggamit ng face mask at faceshield)
8. Ang lahat ng lahok ay kailangang maisumite bago mag **Agosto 5, 2021, sa ganap na ika-5:00 ng hapon** sa Tanggapan ng PYSPESO o sa email address: pysedo.pgb@gmail.com. Kasama ng isusumite ang *official entry form* at *jingle* na nasa **MP3** ***format*** lakip ang *lyrics* at pangalan ng kompositor at sumulat ng letra at mga larawan nila, kasama din ang mga larawan habang nirerecord o ginagawa ang *Jingle.*
9. Ang lahat ay hinihilingan na magsumite din ng kanilang *birth certificate and/*or *government issued ID* na naglalaman ng kapanganakan.
10. Ang desisyon ng mga Hurado ay pinal at hindi mapasusubalian

Para sa inyong karagdagang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng

**PROVINCIAL YOUTH, SPORTS, PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE (PYSPESO)**

Sa telepono bilang (044) 764 1268
O email address pysedo.pgb@gmail.com at
makipag-ugnayan kina Gng. Torvic Marcelo sa telepono blg. 0906 286 8426/ Bb. Rebelle Celis sa telepono blg. 0955 437 5397 O maaaring magsadya sa PYSPESO sa Blas F. Ople Building, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021

## YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan

(Youth Face Mask Making Contest)




1. Ang *facemask design* ay kailangang likha ng isang Kabataang Bulakenyo may edad labinlima (15) hanggang tatlumpu (30)

2. Kailangan maidokumento ang proseso ng paglikha/paggawa ng *facemask design* sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan o video na isusumite din kasama ng aktwal na *facemask*

3. Ang larawan ay maaaring ipasa na nasa *bond paper* at kung video naman, maaaring nasa USB o CD kasama ang isang (1) piraso ng lahok na *facemask*

4. Kailangang ang face mask design at material ay naayon sa DOH recommended specification

5. Ang disenyo ng facemask ay kailangan naayon sa temang "**YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan** "

6. Kailangang sumunod sa mga alituntunin ng IATF sa paggawa ng *facemask design* (social distancing, paggamit ng face mask at faceshield)

7. Ang lahat ay hinihilingan na magsumite din ng kanilang *birth certificate and/or government issued ID* na naglalaman ng kapanganakan

8. Ang lahat ng lahok ay kailangang maisumite bago mag **Agosto 5, 2021** , sa Tanggapan ng PYSPESO

9. Ang mananalo ay ihahayag sa Araw ng mga Kabataan sa Agosto 12, 2021

10. Ang desisyon ng mga Hurado ay pinal at hindi mapasusubalian

Para sa inyong karagdagang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng

**PROVINCIAL YOUTH, SPORTS, PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE (PYSPESO)**

Sa telepono bilang (044) 764 1268
O email address pysedo.pgb@gmail.com at
makipag-ugnayan kina Gng. Torvic Marcelo sa telepono blg. 0906 286 8426/ Bb. Rebelle Celis sa telepono blg. 0955 437 5397 O maaaring magsadya sa PYSPESO sa Blas F. Ople Building, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan

# BULACAN YOUTH SUMMIT 2021
## YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan
(Youth Poster Making Competition)

1. Ang patimpalak ay bukas sa lahat ng Kabataang Bulakenyo na may edad labinlima (15) hanggang tatlumpu (30)
2. Ang lahat ay hinihilingan na magsumite din ng kanilang *birth certificate and/*or *government issued ID* na naglalaman ng kapanganakan
3. Ang *poster making competition* ay may temang: "**YES, YOUth! The #NextNormal of Bulacan** "
4. Ang lahok ay kailangan nasa Illustration Board standard ½ size (20"x30") at ang likhang sining ay kailangan naka Portrait ang lay-out
5. Maaring gumamit ng iba't-ibang klase ng pangkulay ng naaayon sa disenyo at kagustuhan ng lumilikha
6. Kailangan maidokumento ang proseso ng paglikha/paggawa ng *poster* sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan o video naisusumite din kasama ng aktwal na *poster.*
7. Ang larawan ay maaaring ipasa na nasa *bond paper* at kung video naman, maaaring nasa USB o CD
8. Kailangang sumunod sa mga alituntunin ng IATF sapaggawa ng poster (social distancing, paggamit ng face mask at faceshield)
9. Ang lahat ng lahok ay kailangang maisumite bago mag **Agosto 5, 2021,** sa Tanggapan ng PYSPESO bago ika-5:00 ng hapon.
10. Ang lahat ng opisyal na entry ay ipapakita sa isang Online Exhibit sa Linggo ng Kabataansa FB page ng PYSPESO at Youtube
11. Ang mananalo ay ihahayag sa Araw ng mga Kabataan sa Agosto 12, 2021.
12. Panuntunan sa Paghusga

| | |
|---|---|
| **Originality, Style, Creativity** | **40%** |
| **Interpretation & Relevance to the theme** | **40%** |
| **Presentation & Neatness** | **30%** |
| **Total** | **100%** |

13. Ang desisyon ng mga Hurado ay pinal at hindi mapasusubalian


Para sa inyong karagdagang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng

**PROVINCIAL YOUTH, SPORTS, PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE (PYSPESO)**

Sa telepono bilang (044) 764 1268

O email address pysedo.pgb@gmail.com at

makipag-ugnayan kina Gng. Torvic Marcelo sa telepono blg. 0906 286 8426/ Bb. Rebelle Celis sa telepono blg. 0955 437 5397 O maaaring magsadya sa PYSPESO sa Blas F. Ople Building, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan